



Kawaguchi Shiba Nishi Junior High School (Yoshun Branch School)

## Alam ba ninyo ang nag-iisang 『Night Junior High School』 sa Saitama Pref.?

Isang Night Junior H.S. sa Kawaguchi City, Saitama Pref. ang binuksan noong Abril ng nakaraang taon para sa mga may edad na mahigit 15 taon gulang pataas at tumatanggap din ng mga dayuhang estudyante.

### ■ Q1 Ano ang pagkakaiba ng Night Junior High School?

Sa Night Junior H.S. ay maaring makapag-aral na muli sinumang hindi nakapagtapos ng elementarya at junior H.S. o kaya nakapagtapos pero nais muling mag-aral. Mga dayuhang mag-aaral ay kailangang may resident visa. Makakapasok sila kahit na di gaanong bihasa sa Nihongo. Makakatanggap ng sertipiko ng pagtatapos sa Junior H.S.

### ■ Q2 May limitasyon ba ang edad?

Walang limitasyon mula mahigit 15 taong gulang pataas at naninirahan sa Saitama Pref.

### ■ Q3 Anong oras ang simula at pagtapos ng klase?

Ang klase ay mula 5:30pm~9:00pm kaya maganda para sa mga may trabaho sa umaga. Mula Lunes~Biernes ay may 4 (1st period~4th period) na klase. Magsisimula ng 5:30 ang 1st period at matatapos ng 8:55pm ang 4th period. May break time para kumain ng 7:00pm.

### ■ Q4 Anong mga subjects mayroon?

Kagaya ng sa Junior H.S. ay pag-aaralan din ang 12 subjects – Language, Social Studies, Math, atbp. Mga klase para sa Sining, Tahanan, Teknolohiya ay bubuuin sa isang buwan upang madagdagan ang pagiging epektibo ng pag-aaral.

### ■ Q6 Kelan maaring mag-apply? Ilang tao ang tatanggapin?

Sa pangkaraniwan ay mga 40 katao ang tinatanggap para sa first year. Para magkapag-enroll ay kailangan ang admission permit. At para maaprubahan ang pahintulot sa pagpasok ay kailangan sumailalalim sa interview. Sa interview ay kailangang ipahayag ng detalyado ang dahilan sa pagpasok, mga kontak sa emerhensya, at kondisyon ng iyong kalusugan. Tapos na ang aplikasyon para sa unang termino pero bakit hindi ninyo subukan pumasok sa ika-2 termino ng pasukan ?

©Pagtanggap ng aplikasyon - - mula Enero 6 (Lunes) ~ Enero 23 (Huwebes), 2020 Oras - - 2 p.m. ~ 7:30 p.m.

©Iskedyul ng interview - - Enero 26 (Linggo) ~ Pebrero 1 (Sabado), 2020 Simula 2 p.m. ~ 7:20 p.m.

©Kontak : Shiba Nishi Junior High School. Yoshun Branch

### ■ Q5 Magkano ang tuition fee?

Walang babayaranang tuition fee at ang mga librong gagamitin ay libre. May babayaran lamang na ¥20,000 sa gastusin sa materyales sa pag-aaral, aktibidades sa labas ng eskwelahan, at student insurance. Walang school lunch, magdala ng sariling baon.

### ■ Q7 Bilang ng dayuhang estudyante sa taon 2019

May 47 na dayuhang estudyante galing sa 13 iba't ibang bansa, mula sa China, Vietnam, Korea, Turkey, Afghanistan, Brazil, atbp.

### Paano pumunta sa night junior high school?





## Kung kayo ay buntis, ano ang dapat gawin?

Pagkatapos malaman na kayo ay buntis, magsadya sa town/city hall sa lalong madaling panahon at kumuha ng Handbook ng kalusugan ng Ina at Sanggol.

「Nakatala sa Handbook ng kalusugan ng Ina at Sanggol ang tungkol sa kanilang kondisyon tuwing pagpa-checkup habang buntis, sa pagluwal ng sanggol, kalusugan ng sanggol, mga pagbakuna at iba pa. Makikita sa handbook ang kalagayan ng mag-ina habang buntis kung kaya't mabuting parating dalhin ang handbook pag lalabas. Makakatanggap din ng subsidy ticket o suporta sa pagpapa-medical checkup pag dala ang handbook.

**Sa Fujimino-shi ang Handbook ng Kalusugan ng Ina at Sanggol ay isinalin sa 9 na banyagang wika [English, Chinese, Korean, Tagalog, Thai, Vietnamese, Portuguese, Spanish, Indonesian]**

Sa Fujimino-shi ay makakakuha ng libreng kopya ng Handbook ng kalusugan ng Ina at Sanggol sa Nihongo o sa banyagang wika.

Fujimino-shi Health Center :

TEL. 049-293-9045

※Kung nakatira sa ibang syudad magsadya lamang sa inyong munisipyo



## FICEC -- Nangangailangan ng mga translator at interpreter volunteers

Ang FICEC ay patuloy na naghahatid ng impormasyon para makatulong sa mga dayuhang residente, ang Information Fujimino ay nakasalin sa 7 wika. Noong Abril ng nakaraang taon ay nagbago ang batas ng imigrasyon at pinapayagan nang magtarabaho sa bansa ang mga dayuhan, kung kaya't dumami ang bilang ng mga dayuhan sa ngayon. Sa FICEC ay kailangan din ang mga translator/interpreter volunteers lalo na sa Chinese, Tagalog at Vietnamese.

Inaanyayahan namin kayo sa FICEC (Fujimino Int'l Cultural Exchange Center) : TEL:049-256-4290.



Café FICEC

### Pang kulturang pagtitipon sa FICEC



Makisaya sa buwanang pang-kulturang pagtitipon sa FICEC. Masayang pag-uusap-usap at merienda.

## English Café

- ◆ **Petsa at oras: Febrero 29** (Sabado) simula 14:00~
- ◆ **Libre** : (maaring magdala ng snacks o inumin)
- ◆ **Tagapamahala:** Ms. An Tel. 049-256-4290

### Nihongo Class--Pagsulat ng unang calligraphy sa bagong taon 「Kakizome」



Nakasali na ba kayo sa pagsusulat ng calligraphy sa bagong taon? Sa **January 16** (Huwebes) sa Nihongo Class, pagkatapos ng klase ay gaganapin ang pagsusulat ng kanji na nagpapahayag ng inyong hangarin para sa bagong taon. Halina at sumali tayo!